NANGUNGUNANG LINGGUHANG MAGASING PANTAHANAN SA BANSA

LIWAYWAY

Enero 28, 2019

KUWENTO NG LINGGO
JUANCHO JUANITO: TINEDYER
NI PAT V. VILLAFUERTE

BAGONG MANUNULAT
MGA KALAPATING PAPEL
NI DOMINIC DAYTA

TULA
KANBAS NG DAHAS
NI FRANCISCO A. MONTESEÑA

MANILA BULLETIN
ISSN 1656-38-14
P25

Pauline MENDOZA

Upang magkatrabaho o makabili ng kahit ano, atbp. Basahin – Manila Bulletin Advertisements & Classified Ads

MGA NILALAMAN

I-like kami sa aming facebook page: www.facebook.com/liwayway.magazine

NOBELA
6 **Kung Dumating Ang Pag-ibig (15)**
Efren Abueg
9 **Paano Maabot Ang Langit (18)**
Neri Jedeliz
12 **Higit Na Matibay (7)**
Armando T. Javier

KUWENTO
4 **Juancho Juanito: Tinedyer**
Pat V. Villafuerte
14 **Mga Kalapating Papel**
Dominic Dayta

KUWENTONG PAMBATA
16 **Mahiwagang Yeso**
KC Daniel Concepcion

LATHALAIN
18 **Paano Ire-reinvent Ang Sarili?**
Chad Faller
20 **Kailan Dapat Hindi Magbiro**
Lilia Borlongan-Alvarez

KOMIKS
27 **Sa Mundong Iyon... (19)**
Perry C. Mangilaya / Donato Santos
30 **Enteng Anting (70)**
Armando T. Javier / Rod Lofamia
33 **Ako At Ako Lamang (40)**
Elena M. Patron-Delos Angeles /Rico Rival
38 **Doro Dora**
William Contreras

TULA
40 **Kanbas Ng Dahas**
Francisco A. Montesena

KOLUM
21 **Haraya**
Dr. Michael M. Coroza
22 **Agrikultura**
Zac B. Sarian
36 **Magluto Tayo**
Mareng Lena
36 **Balik-Tanaw Sa Kasaysayan**
Boy A. Silverio

SHOWBIZ
24 **Pauline Mendoza, Magkakaroon Ng Ka-Love Team Sa Cain At Abel**
Nonie V. Nicasio
25 **Rayantha Leigh, Nagbubunga Na Ang Mga Pagsisikap**
Maricris V. Nicasio

LIBANGAN
37 **Pag-Usapan Natin!**
Kuya Sam
37 **Astrolohiya**
Madame Sharona
38 **Palaisipan**
Jose Marie Gallego
38 **Math Puzzle**
Rosemarie Adaya
38 **Magtawanan Tayo!**
Chad Faller



Mula sa Google

Kailan dapat hindi magbiro?

Ni LILIA BORLONGAN-ALVAREZ

KAMAKAILA'Y sumakay kami ng *taxi* ng aking ina para patingnan siya sa ospital sa may Taft avenue. May isang pasunawang nakasabit sa likuran ng *passenger seat* na katabi ng tsuper: "*This is a dollar taxi*…" Kaya, nagtanong ako sa tsuper kung ang tinatanggap niyang bayad ay sa dolyar lamang at hindi pesos. Kagyat niyang sinabi sa akin nang hindi siya ngumingiti: "Ay *dollar* po ang ibabayad n'yo!" Pero sinabi niya agad: "Hindi, *joke* lang ho." Kaya sinagot ko siya na huwag siyang magbibiro nang gayon sa mga pasahero.

Bagama't mahalaga ang *sense of humor* ng isang tao, totoong nakawawala ng ganang makipag-usap sa isang taong seryoso sa kanyang mga salita ngunit pagkatapos ay sasabihin niyang naghibiro lang siya! Unang-una, hindi ito propesyonal at hindi rin nakatutuwa.

Kailan ba dapat hindi magbiro? Alam nating lahat ang kasabihang "magbiro ka na sa lasing huwag lang sa bagong gising" (lalo na kung ang bagong gising ay laging mainit ang ulo kahit sa mga oras na siya'y gising!). Bakit? Sapagkat sa pangkalahatan, ang disposisyon ng karamihan ay mas masarap matulog kaysa gumising o gisingin.

Hindi rin tayo dapat magbiro sa isang namatayan kung tayo'y dadalo sa burol o libing ng isang kakilala o kaibigan. Sa katunayan, walang kailangang sabihin ang isang nakikiramay sa isang naulila.

Gayon din dapat ang asal ng isang tao kung siya'y nakikiramay sa isang nasunugan o ninakawan. Hindi matutuwa ang isang nasunugan kung bibiruin siya ng ganito: "Gusto mo bang sunugin na lang nating lahat ang natira ninyong gamit para hindi na sumama ang loob n'yo?" Kung ako ang biniro ng gayon, baka hagisan ko siya ng batyang yero!

Paano natin ngayon sasanayin ang sarili sa hindi magbiro kung hindi naman ito hinihingi ng pagkakataon? Narito ang ilang praktikal na *tips*:

Ilagay ang sarili sa katayuan ng iba. Isipin ang kalagayan ng isang nasunugan, niloobán, ninakawan at isang dumaraan sa mabigat na krisis o pagsubok. Isapuso ang *Golden Rule*: gawin mo sa iba ang ibig mong gawin ng iba sa iyo.

Kung makikipag-usap sa isang bagong kakilala, hindi magandang ugali ang "undue familiarity" na parang matagal na ninyong kaibigan ang kausap. Hindi kasama sa magandang *human relations* ang magbiro na gagamit ng *sarcasm* o mga salitang may halong kabastusan o kawalan ng pitagan.

Lakipan ang bawat pagbibiro ng *civility* o diplomasya. Huwag isiping ang bawat biro ay kailangang makasakit ng damdamin para matawa ang kausap o mga taong nakapaligid. Hindi ba't alam natin kung ang mga pagpapatawa ng isang *stand-up comic* ay "below the belt"?

Maging maingat sa inyong binibitiwang salita (lalo na sa mga pagtitipon). Sapagkat, sa oras na may sabihin tayong birong sa palagay nati'y nakatatawa ngunit masakit para sa mga kausap, hindi na ito mababawi, kahit na anong pagpapaumanhin ang ating gawin.

BAGA: Mga Piling Tula mula sa LIRA Fellows 2018

(IKATLONG LABAS)

TUNGHAYAN naman natin ngayon ang birtud ng siste sa tulang "Sa Pag-uwi" ni Genesis Roy Historillo sa pahina 39 ng *Baga*. Isang nakatutuwang pagsasalaysay ito ng persona tungkol sa minsang pag-uwi niya kasama ang kaniyang kasintahan. Nakasakay sila sa bus. Sa bawat pagsapit sa tiyak na lugar na babáan ng mga pasahero, may mga pasulóng na kilos na indikasyon ng pagmamahalan/paglalambingan ng dalawa—magkasandal sa may Kamuning, magkahawak-kamay pagdating sa Cubao, magkayakap pagsapit sa may Star Mall, at halikan pagdating sa babáan. Habang papalapit nang papalapit sila sa lugar na bababaan ng kaniyang sinta, patindi nang patindi naman ang pagkabagabag ng persona. Magkaiba sila ng lugar na bábabaán. Sa unang tingin, mahuhusgahang masyadong OA ang masidhing pagkabagabag na dulot ng magaganap na paghihiwalay. Maitatanong kung bakit hindi na lamang samáhang bumaba ng persona ang kasintahan? Bakit kayá hindi na lamang niya ihatid ito hanggang sa bahay? Narito ang buong tula:

Sa Pag-uwi
ni Genesis Roy Historillo

Antok ang sumundo sa 'tin sa Trinoma,
Nakapikit ka na doon sa cinema.
Paglatag ng dilim noon sa kalsada,
Napunô ng talâ ang haba ng EDSA.

Nakapiling kita nang matagal-tagal.
Mula sa Kamuning, tayo'y magkasandal;
Magkahawak-kamay pagdating sa Cubao,
Hanggang sa Ortigas, di tayo nagbitaw.

At pagsapit sa Shaw, init ang hinanap,
Kaya sa may Star Mall, tayo'y magkayakap.
Pagdaan sa Boni, ako'y nábagabag
Dahil babáan mo'y sunod nang tinawag.

Sana'y masiraan itong bus sa daan,
Magka-rally bigla't bumuhos ang ulan
Nang ang ating sandali'y mapahaba naman
Ngunit paalam na nang ikaw ay hagkan.

Paghinto sa Guada, ang puso'y nasawi
Sa iyong pagbaba, tigib ng pighati;
Kung mister mo lamang ay umalis muli,
Naku! Diyan ako tiyak na umuwi.

Isang di-inaasahang malakas na sapak ang bisà ng pagbubunyag ng dahilan sa huling saknong. Bawal na pag-ibig palá ang mayroon sila. May asawa na palá, at tila isang OFW, ang kasintahan ng persona. Hindi man isinalaysay, lumilitaw, kapag wala ang mister ng kasintahan, doon siya umuuwi sa bahay ng mag-asawa. Nakatatawa, ngunit karumal-dumal. Nakakalalaki ang persona. Nagtataksil ang kaniyang kasintahan sa asawa nito. Iniiputan sa ulo ang kawawang OFW.

Walang anumang mápapalá sa tulang ito ang isang guro ng panitikan na ang tanging alam na paraan sa pagpapahalaga sa tula ay "paghahanap ng aral." Kailangan ang mataas na kasanayan sa pagkilala ng parikala upang makaabot ang pag-unawa sa mga kontemporaenong sulirarang panlipunan na di-tuwirang inilalantad at sinusuri ng tula. Hindi ito tungkol lamang sa isang taksil na romansa o pagmamahalan. Maaaring maging lunsaran ang tula sa pagtalakay ng mga suliraning kinakaharap ng maraming Filipino na namamasukan sa ibang bansa para may ikabuhay ang kanilang mga pamilya. Nagiging lapitin ng tukso ang mga naiiwan sanhi ng matinding pangungulila sa asawang nangibang-bayan.

Dahil isinalaysay sa punto de bista ng nanukso—ahas na tumuklaw sa asawang naiwan sa pangungulila, higit na naging nakaliligalig ang tula. Ang persona, na sa simula ay mapag-uukulan ng mambabasa ng awa at simpatiya dahil sa pagkabagabag na dulot ng paghihiwalay nilang magkasintahan, ang siya palang dapat kamuhian. Sa mabisang paghahanay ng sunod-sunod na eksena nilang magkasintahan sa loob ng bus, natatangay ang mambabasa sa tamis at kiliti ng nagaganap na romansa. Ngunit, tila bombang sumabog ang katotohanan ng maparilinlang na pagsasalaysay sa huling dalawang taludtod ng ikalimang saknong: "Kung mister mo lamang ay umalis muli, / Naku! Diyan ako tiyak na umuwi."

Mas sahol sa dinatnang "sumakabilang-buhay na asawa" ng lalaking nagkaingin sa ibang bayan sa tulang "Ang Pagbabalik" ni Jose Cerazon de Jesus noong 1924 ang nangyaring "pagsakabilang-kandungan" ng asawa sa tulang ito. Parang "wala lang" ang kataksilan sa pagkakasalaysay ng persona ng tula. At, ito ang lalong malaking suliraning hindi inihahayag ngunit ibinubunyag ng tula: kawalan ng moral na pamantayan, pagkamatay ng maliwanag na paruntunan ng mabuti at masamá. Sa lipunang palagiang sinasalanta ng mga suliraning gaya ng kawalan ng hanapbuhay pati na ng mga rali, pagbuhos ng ulan, at ng di-masolusyonang trapiko sa EDSA, wala nang malasakit o kahit simpleng pakialam man lamang ang tao sa pagdurusa ng kaniyang kapuwa. Tanging ang kabiguan na makamit ang inaasam na ligaya ang ikinababagabag ng persona. Nagmistulang kontrabida pa sa kaniya ang hindi pag-alis ng mister ng kaniyang kasintahan. Sa kaniyang pagsasalaysay, napagmukha pa niyang masama at sanhi ng pagkaunsiyami ng kaniyang romansa ang "mister" na kung tutuusin ay siyang tunay na biktima. Ito ang maliwanag na birtud ng parikala sa pagtula.

Mahalagang pahalagahan pa sa tulang ito ni Historillo ang paggamit ng tugma at sukat na hindi pilit o nakaaasiwa. Muli, tulad ng napagtagumpayan ni Buensalida, nagamit ang paloob na tinig at mapagpatawang himig na higit na bumabagay sa sitwasyong kontemporaneo kayá nailayo sa pagiging naghuhumiyaw na talumpati sa ilang ang tula. Naiakma ang saknong na may apat na taludtod at sukat na lalabindalawahin ang kalkuladong paglalatag ng magkakasunod na mga pangyayari. Sabihin pa, nakatulong nang malaki sa pagtatanghal ng siste ang nasa antas tudlikang isahang tugma sa lahat hales ng saknong—tanging ang "cinemá" sa unang saknong ang hindi tumugon sa kahingiran ng tugmang tudlikan dahil mabilis ang bigkas nito samantalang ang ibang mga salitang pantugma ay maluway—Trinóma, kalsáda, EDSA. Ang pag-uulit-ulit ng mga tunog ay may bisáng nakalilikha ng mga inaasahan. Ang pagsapit ng inaasahan(g tunog) ay may bisà ng katuparan. Pansinin, sa unang apat na saknong ng tula ay tanging **a** ang namayaning tunog sa dulong pantig ng mga salitang pantugma—**a** na walang impit ang tugma sa una, mahinang katinig na **a** ang kasamang patinig ang tugma sa ikalawa, malakas na katinig na **a** ang kasamang patinig ang tugma sa ikatlo, at mahinang katinig muli na **a** ang kasamang patinig ang tugma sa ikaapat. Sa ikalimang saknong lamang naiba ang patinig sa mga salitang pantugma—naging **i** na may impit. Binasag nito ang inaasahang tuloy-tuloy na tunog (ng romansa) kung paanong sa saknong na ito rin naibunyag ang di-inaasahang dahilan ng "paghihiwalay" ng magkasintahan. Mainam na halimbawa ito ng kaisahan ng anyo at nilalaman sa pagtula.

Siguradong marami pang mainam na tulang malilikha ang mga makatang nagtapos sa Palihang LIRA 2018. Simula pa lamang ang paglabas ng kanilang koleksiyong *Baga* ng kanilang maalab na pakikipagniig sa tula/pagtula. Pagbati ang iniuukol ng pitak na ito sa kanila, at harinawang kasihan sila ng lahat ng mabuting puwersa sa pananaludtod at pananalinghaga.

(Maaaring makipag-ugnayan sa batchbaga2018@gmail.com ang sinumang ibig bumili ng aklat antolohiya ng tulang *Baga*.)

Pauline Mendoza,

magkakaroon ng ka-love team sa *Cain at Abel*

Ni NONIE V. NICASIO

PATULOY sa pagkinang ang *showbiz career* ng Kapuso *young actress* na si Pauline Mendoza. Sa katatapos lang na 2018, maraming oportunidad at magagandang bagay ang nangyari sa kanya na nakatulong para mas matuto siya sa buhay at sa kanyang *showbiz career*.

Para kay Pauline, magkahalo ang pakiramdam niya sa nagtapos na taon. Ihinalintulad niya ito sa isang *roller coaster ride*, na maraming pumasok din na problema. Halo-halo raw ang ihinatid sa kanya ng taong 2018, may positibo at may negatibo rin, ngunit sa kabila nito ay marami pa rin daw siyang dapat ipagpasalamat.

Pahayag ni Pauline, "*It's like a roller coaster ride*, pero masaya po. Nag-boom ang *career* ko lalo na noong pumasok ang Kambal Karibal. Tapos na-*nominate* rin po ako."

Sa ngayon ay napapanood si Pau (*nickname* ni Pauline) sa teleseryeng *Cain at Abel* na pinagbibidahan nina Dingdong Dantes at Dennis Trillo.

Sa naturang Kapuso teleserye ay gumaganap si Pauline bilang si Pat, kapatid ni Sanya Lopez at anak nina Shyr Valdez at Leandro Baldemor.

Nabanggit din ni Pau na may mangyayari sa karakter niya sa kanilang teleserye.

Magkakaroon kasi siya ng *love interest* dito sa katauhan ni Vince Vandorpe na gaganap bilang si Rafael.

Pahabol pa niya na hindi man sila sumabak sa *workshop* na magkasama para sa kanilang karakter dito, sa *set* na raw mismo ginawa para maging pamilyar sila sa isa't isa ni Vince. Dito ay binigyan sila ng *acting coach*. Sinasabihan din sila na kailangan nilang mag-*build* ng *relationship* dahil *first time* pa lang nilang magkatrabaho ng akter.

Kaya asahan ng mga suking manonood ng Cain at Abel na may hatid na pampakilig ang *tandem* nila rito ni Vince.

Ayon pa kay Pauline, masaya sila sa *set* ng seryeng ito dahil naging *close* na sila ng mga kasamahan niya. Kapag *lunch or dinner* ay sabay-sabay silang kumakain sa set. At ang mga kasama niya ay parang *one big happy family* ang turingan nila sa isa't isa.

Hinggil naman kina Dingdong at Dennis, pinuri ni Pau ang mga pangunahing tauhan sa kanilang teleserye.

"Si Kuya Dennis sobrang galing na aktor, kagaya din ni Kuya Dong. Talagang seryoso sila sa trabaho, *as in*, makikita mo talaga sa kanila 'yung pagmamahal nila talaga sa trabaho nila.

"Si Kuya Dong 'yung madalas naming nakakaeksena, kasi sa *role* namin, siya 'yung tumutuleng kaya madalas siya 'yung nakakatrabaho namin. Mabait po si Kuya Dong, pati rin si Kuya Dennis. Seryoso talaga sila sa trabaho. 'Tsaka tulungan po kami talaga," saad pa niya.

Larawang kuha ni Wilson Fernandez

Idinagdag pa ni Pauline na masaya siyang makatrabaho ulit ang mister ni Marian Rivera na una niyang nakatrabaho sa dating TV *series* na *Alyas Robinhood*.

Ayon pa sa dalaga, umaasa siyang sa pagpasok ng bagong taon ay mas magkakaroon pa siya ng mas maraming *projects*.

Nabanggit din niya na dapat daw ay mayroon siyang gagawing pelikula *last year*, pero hindi raw bumagay ang *role* na natoka sa kanya, kasi ay parang masyadong *matured* iyong kailangan niyang gawin. Kaya hindi siya natuloy sa *first ever movie* niya dapat.

Pero, *hopeful* si Pau na ngayong taon ay magkakaroon na siya ng pagkakataon na sumabak sa paggawa ng pelikula.

"*Hopefully* po, etong taon na ito ay makakagawa na rin ako ng pelikula," masayang pahayag pa ng aktres.

Rayantha Leigh,

nagbubunga na ang mga pagsisikap

Ni MARICRIS VALDEZ-NICASIO

EXCITED na ang *young recording artist* na si Rayantha Leigh sa mga mangyayari sa kanyang *career* para sa taong ito.

Una na rito ang bagong *single* niya na pinamagatang Puro Papogi na lalabas ngayong January. Bale ito na ang ikatlong *digital single* ng *singer*/aktres. Ang unang *single* niya ay Nahuhulog *composed by* Gala Sanchez at sinundan ito ng Laging Ikaw *composed by* Kedy Sanchez.

After ng *new single* ni Rayantha, *early this year* lalabas na ang CD *album* niya.

"Ila-*launch* na po ang aking *album this year*. Sana po ay magustuhan din ito ng karamihan tulad ng aking nakaraang *single*. Ang *title* po nito ay Puro Papogi, ito po ay parang may nagkakagusto sa akin na puro siya papogi pero ang gusto ko pong makilala ang tunay na siya," saad ni Rayantha sa bagong *single* niya *under* Ivory Music na komposisyon ni Kedy Sanchez.

Ang *album* niya ay may *eight songs*, tatlo sa kanta rito ay *compose* ni Kedy, ang isa ay nilikha ni Elmer Blancaflor, ang isa ay *compose* naman ni Gala Sanchez, at tatlo ang kantang isinulat ni Alney Zamora.

Marami siyang dapat ipagpasalamat *last year*, kabilang dito ang pagkapanalo niya sa PMPC bilang Star Awards for Music's New Female Recording Artist of the Year (Laging Ikaw-Ivory Music and Video, Inc). Pati na ang pagiging bahagi ng *youth oriented* TV *show* na Bee Happy Go Lucky.

Ngayong taon, bukod sa bagong *endorsement* ng *perfume*, sa February 17 ay kasama si Rayantha sa *big event* sa Taytay Town Fiesta. Isa siya sa magtatanghal sa Taytay Mayor's *night*. Magkakaroon din ng *concert* si Rayantha sa Tokyo, Japan *this year* at makakasama niya rito DJ Airene.

Nabanggit pa ng *young singer* na magsisimula na ang

Larawang kuha ni Wilson Fernandez

season-2 ng kanilang *show* na Bee Happy Go Lucky at na-*return* siya rito *as host*. Sa IBC 13 na ito eere.

Mapapanood din siya sa pelikulang Unang Yugto bilang si Fairy Alona. Ito ay mula sa pamamahala ni Direk Moises Lapid. Tampok dito sina Lotlot De Leon, Martin Escudero, Kikay Mikay, at marami pang iba.

Ipinahayag pa niya ang kasiyahan dahil sa magandang takbo ng kanyang *career*, "Masaya po ako sa takbo ng *career* ko dahil ngayon po ay nakikita ko na siyang nag-*improve*, kumpara dati noong nag-uumpisa pa lang po ako," nakangiting sambit pa ni Rayantha na idinagdag pang sisikapin niyang maging *successful* para maging *proud* ang kanyang *parents* na sina Ricky at Lanie.

Higit Na Matibay

(Mula sa pahina 13)

"Okey lang. *Next time* na lang."

"Sige. *Text-text* na lang…"

Nakipagpisilan siya ng kamay kay Nets at walang lingon-likod na naglakad palabas. Napasipol siya. Muntik na! Sinalat niya ang kanyang labi, parang nararamdaman pa niya ang lambot ng labi ni Nets. Naglalakad siya'y para siyang lumulutang sa hangin; pakiramdam niya'y lalaking-lalaki siya.

MAY kahabaan na nga ang buhok ni Aling Maring nang pagsadyain niya kinabukasan nang hapon. Ginupitan ni Janno sa dating gupit nito ra hanggang batok, tinira rin ng *light brown*.

"Bakit hindi ka na lang magsarili?" sabi sa kanya ni Aling Maring habang tinitina niya ang buhok. "Kung makakakuha ka ng regular na kostumer, sa *home service* pa lang e kikita ka na."

"Hindi pa ho gano'ng kadami'ng nalalaman ko sa paggugupit. Baka pumalpak ako, nakakahiya ho. 'Tsaka, nakakahiya rin kay Aling Lydia kung magsasarili ako, baka isiping wala akong utang na loob."

"Sabagay. Mabuti na rin 'yang may pinagkakakitaan ka. Pagbutihin mo, iho. Ang trabaho, pag minahal mo, mamahalin ka rin. Pag-aralan mo ang lahat ng dapat mong matutunan sa paggugupit at pagpapaganda, dagdagan mo pa. P'wede ngang 'yan na rin ang maging karera mo at hanapbuhay…"

Na hanggang ngayon ay nananahi pa rin si Aling Maring at pinagkakakitaan ang kasanayan, naisip ni Janno na may katwiran ang tiyahin ni Jonna.

tiyahin ni Nets sa halip na sagutin. Inihatid siya ni Nets sa eskinita.

"Pasens'ya ka na sa tita ko, masungit talaga 'yon."

"Mabuti ka pa, kahit pa'no me direks'yon ang buhay mo. Di tulad n'yang kaibigan mo, pinapapasok ko'y ayaw namang pumasok. Hindi malaman kung ano'ng gusto…"

Nilingon ni Janno si Jonna na nasa salas at abala sa paglalaro ng PSP.

"Baka ho nagpapahinga lang. Maiisip din n'ya kung ano'ng gusto n'yang pag-aralan."

"Ako ba'ng pinag-uusapan n'yo?" sabi ni Jonna mula sa salas nang hindi lumilingon sa kanila.

"Hindi! Masyado kang sensitib," si Aling Maring.

"Akala ko'y ako'ng pinag-uusapan n'yo, e…"

Nagkatinginan sina Janno at Aling Maring at tihim na napangiti.

Hatid siya ni Jonna sa *scooter* sa bahay pagkatapos.

"Pasok ka muna," sabi ni Janno.

"'Wag na. Baka isipin ni tita na kung sa'n pa 'ko naggala."

Nasa salas pala si Sonny. Lumabas nang marinig na may pumaradang motor at may kausap siya.

"Bah, 'andito pala si *Miss Muse*?" sabi, maluwang ang pagkakangiti. "Pasok ka muna."

Inulit ni Jonna ang pagtanggi.

"Okey, kung ayaw mo talaga," sabi ni Sonny. "Pero *next time* p'wede bang kami naman ni Janno ang mag-imbita sa 'yo?"

"Saan?"

"Sa gimik."

Tiningnan ni Jonna si Janno. Naghihintay sa kanyang sagot si Sonny na nakangisi pa rin.

"Bahala na," asar na sabi ni Jonna. Sumakay na sa *scooter* at mabilis na pinaarangkada paalis doon.

(ITUTULOY)

Kanbas ng Dahas

Huwag sisihin ang pagbagsak ng bunga kahit di pa nabubulok.
Maaaring sumobra ang alaga dito o ang malimit na pagpapausok.
Wala ang dupok sa sanga, wala ang hina sa balakbak.

May ipinipinta ang kaligiran sa suhay ng mga puno
Na ginawang haligi ng mga tahanan. Ang anino
Ng mga puno'y nagsakatawan sa mga binuong kabahayan.

At ang nakahilig na puno ng mangga, na ang ugat
Ay bumaon na sa kinatitirikan, Ngayon ay may usbong
na atang, Balat na babalatan; Ipanggagatong

sa lulutuing samahan - ama, ina, anak.
Sa pagbunot ay tutumba ang haligi, sasagitsit ang ngitngit
Na badya sa pagkakatumba. Pipigilan ng tahol, alulong

Ng alagang sagana sa pagkain. May kailangang alay.
Kaya't tali ay papatirin. Walang dumalaga sa mga nasa pugad.
Bagong itlog ang mga inahen. Hindi maaari

Ang katulong na kalabaw. Malayo pa ang tag-ani. Bumaon
ang pangil ng alaga sa katawan ng punong kinatatalian. May
Dugo ang bibig sa di pagkabunot. Hawak mo ang pamalo.

Pumito ka ng maikatlo, dahil ang sabi ay ihahatid nito
Ang alaga sa langit. Kinabukasan ay hinanap ng anak ang alaga.
Parang kapatid na turing kaya ikaw ay nagsinungaling.

Hindi mo naitago ang kulay dugo sa sangi ng mga kuko. Parehas
Ngayon ang kulay nito sa mukha ng anak. Ilang araw nilagnat.
Magkasing-init: ang tapat na araw, ang nalabusaw na tubig-ilog,

ang inanod na bangkay. Ang sabi ng albolaryo - ibalik ang aso.
Umatungal ang ina. Alulong sa tanghaling tapat.
Tumitig sa bana at ipininta ang pare-parehong mukha

Ng mga taksil, kriminal, salarin, berdugo.

- FRANCISCO A. MONTESEÑA